



Buod ng Tulong Pinansiyal para sa mga Bata ng CHOC

Ang Children's Hospital of Orange County (CHOC) ay nangangakong magbigay ng de-kalidad na agaran at kinakailangang medikal na pangangalaga sa lahat ng pasyente anuman ang pinansiyal na kalagayan ng pasyente. Kung wala kayong insurance para sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring kwalipikado kayo sa isa sa mga plano ng pangangalagang pangkalusugan na itinatangayod ng pamahalaan o maaaring kwalipikado kayong bumili ng insurance sa pamamagitan ng Covered California Health Exchange. Makakukuha ng impormasyon tungkol sa saklaw ng insurance mula sa sumusunod: www.coveredca.com, www.california-health-insurance.org/. Mayroon ding mga sinanay na indibidwal ang Covered California na makatutulong sa inyo sa pag-aaplay para sa pagsaklaw. Upang humingi ng tulong, makipag-ugnayan sa Children's Health Initiative of Orange County, 1505 E 17th St. Suite 121, Santa Ana, CA 92705. Numero ng telepono: 714 619-4050. Mayroong mga Tagapayo sa Pananalapi sa CHOC na makatutulong sa inyo sa impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado sa mga programa ng estado gaya ng Medi-Cal at CCS. Tumawag sa 714 509-4981 o pumunta sa Financial Counseling Department sa Admitting sa CHOC Hospital, 1201 W. La Veta Ave., Orange, California 92868.

Ang mga pasyenteng nakatutugon sa itinakdang pamantayan ng Programa ng Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Program, FAP) ay maaaring maging kwalipikado para sa 50% hanggang 100% na bawas sa kanilang bayarin sa CHOC. Ang mga pamilyang napatunayang nasa 400% o mas mababa ng Mga Limitasyon ng Kahirapan ng Pederal (Federal Poverty Limits, FPL) ay makakatanggap ng 100% bawas sa kanilang bayarin sa CHOC. Sa pagbibigay ng pangangalagang pangkawanggawa, hinihilingan ng batas ang CHOC Children's na isaalang-alang ang mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa emergency o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal ("Karaniwang Sinisingil na Halaga" (Amounts Generally Billed) o "AGB") at upang igarantiya na ang mga pasyenteng tumatanggap ng pangangalagang pangkawanggawa ay hindi sisingilin nang higit sa AGB para sa iba pang mga kinakailangang serbisyong medikal.

Ang pinakabagong inilathalang Mga Limitasyon ng Kahirapan ng Pederal ay gagamitin sa pagsusuri sa isang pamilya kung kwalipikado para sa Plano ng Tulong Pinansiyal ng CHOC. Maaaring kailanganin ng dokumentasyon ng pananalapi, gaya ng mga kasalukuyang rekord ng tax return, beripikasyon ng kita, pati na rin ng mga bank statement upang malaman kung kwalipikado o hindi.

Maaaring makakuha ang mga pamilya ng kopya ng aplikasyon para sa CHOC FAP sa English at sa iba pang wika sa pamamagitan ng pagtawag sa CHOC Family Financial Resource Center sa 714 509-8600. Puwedeng magbigay ng tulong ang isang kinatawan ng Family Financial Resource Center sa pag-unawa sa proseso kung paano sagutan ang aplikasyon para sa FAP at sa pagbibigay ng aplikasyon para sa FAP sa pamamagitan ng email o pagpapadala ng liham gamit ang Serbisyo ng Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service, USPS) nang walang bayad. Maaari ding makuha ng mga pamilya ang aplikasyon para sa CHOC FAP sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng CHOC sa [Financial Resources - Children's Hospital of Orange County](http://FinancialResources-Children'sHospitalofOrangeCounty) o sa pamamagitan ng pagbisita sa Financial Counseling Department sa Admitting sa CHOC Hospital, 1201 W. La Veta Ave., Orange, California 92868.